THE FILIPINO-CANADIAN NEWS AND INFORMATION www.talibaFlipzMedia.com

TALIBA

#572 AUGUST 1-15, 2026 FlipzMedia PUBLISHED IN TORONTO, ONTARIO

# "PBBM ilang beses tinayuan, pinalak-pakan sa ika-5 SONA" - KORINA

**PILIPINAS**—Ibinahagi ni Bilyonaryo News Channel anchor Korina Sanchez-Roxas ang kanyang mga obserbasyon matapos ang ginanap na ikalimang State of the Nation Address (SONA) ni Pangulong Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr. nitong Hulyo 27.

Sa live coverage ng BNC mula sa Batasang Pambansa, inihayag ni Korina na naging mainit ang pagtanggap ng mga mambabatas sa talumpati ng Pangulo, kung saan pinalakpakan at ilang beses pa itong tinayuan ng mga dumalo.

"Natapos na ang ikalimang SONA ng Pangulong BBM. Marami pong mga pagkakataon kung saan siya ay pinalakpakan, siya ay tinayuan na may kasamang mga palakpakan mula po sa mga miyembro ng Kongreso, Mataas at Mababang Kapulungan," ayon sa ulat ni Korina sa pagtatapos ng SONA.

Sinabi rin ng kilalang brodkaster na karamihan sa mga natanggap na palakpakan at standing ovation ng Pangulo ay tungkol sa mga paksang



**News Channel anchor Korina Sanchez- Roxas**

inasahan ng publiko na kanyang bibigyang-pansin.

Kabilang na rito ang paninindigan ng Pangulo ukol sa kanyang tungkulin sa bansa at sa mamamayang Pilipino.

"Most of the applause — the applause and standing ovations — were on matters that expected from the President to be included in his State of the Nation Address," ani Korina.

"These include, first of all, his response to being the President of the Filipino people, and not just to relatives, to friends, and to a minority," dagdag pa niya.

Bukod dito, may pinakamalakas aniyang palakpakan nang magbitiw ang Pangulo ng "pinakamabagsik" nitong pahayag ukol sa isyu ng West Philippine Sea sa pagitan ng Pilipinas at China, kung saan binigyang-diin niyang, "We are Filipinos and we do not yield." *- Ulat ng **ABANTE News***



# Castro bumuwelta kay Imee: 'Impakta to the maximum level'

**PILIPINAS** - — Binuweltahan ni Presidential Communications Office (PCO) Press Officer Atty. Claire Castro si Senadora Imee Marcos matapos siyang ilarawan bilang "impakta" o ICC sa Malacañang.

Ayon kay Castro, maaaring naapektuhan ang senadora at ang kanyang grupo dahil kumakalaban sila sa fake news, kaya't ganoon ang banat laban sa kanya. Giit niya, hindi siya nagsasalita ng masama sa kapwa at ang gumagawa nito ay mga taong may ganoong karakter.

"It takes one to know one. Alam nila ang deskripsiyon ng impakta. Kung sila ay affected sa aking nababanggit, isang impakta ang kumalaban sa fake news, sino ngayon ang impakta," ani Castro.


Dagdag pa niya, walang dapat ipag-alala si Marcos dahil "ang korona ay nasa kanila" at hindi niya ito kayang agawin. "Wala ako sa kalingkingan ni Senator Imee para sa ganiyang klaseng deskripsyon. Sila ay nasa maximum level," saad ni Castro.




***Palace Press Officer Usec. Claire Castro responded to the "impakta" remarks of Senator Imee Marcos during a press briefing on July 29, 2026***

***- Pilipino Star Ngayon***


**APPLY TODAY - WORK TOMORROW!**




**EXTRA PERSONNEL**
Kipling at Taber
Between Wendys and Daisy Mart
**2140 Kipling Avenue Unit 5**
**Toronto, ONT M9W 4K5.**

7:00 a.m.-4:00 p.m.
Call our Filipino Recruiter
**Alvin Rota**
416-740-3959

We currently have openings for:
GENERAL LABOUR
PACKAGERS
ORDER PICKERS / PACKERS
MATERIAL HANDLERS
SHIPPER / RECEIVERS
CERTIFIED FORKLIFT OPERATORS



We offer the best pay rates in the industry, long and short-term assignments, tremendous full-time employment possibilities and access to some of Canada's top employers.

Applicants must have a great work ethic, a good command of the English language and safety shoes.

EXTRA
INDUSTRIAL PERSONNEL INC.
www.extraindustrialpersonnel.com

# ‘Lapid sa kapwa senador: Tigil na ang pamumulitika, dapat nang magkaisa





Sen. Lito Lapid

**MANILA** - UMAPELA si Sen. Lito Lapid sa mga kapwa senador na tigilan na ang pamumulitika at magkaisa sa pagsusulong ng kapakanan ng mga Pilipino.

Sinabi ni Lapid na mas higit na kailangan ngayon ng bansa at mga Pilipino ang pagpasa ng “priority bills” na magbibigay ng ginhawa sa buhay ng mamamayan.

Binanggit niya ang pagbaba ng presyo ng mga pangunahing bilihin, partikular na ang mga pagkain at produktong-petrolyo.

“Sa panahon ng malawakang pagsubok sa ating ekonomiya, kalusugan, kaligtasan at kapayapaan at higit na kailangan ng ating mga kababayan ang gobyerno nakatuon sa pamamahala sa halip na pamumulitika,” sabi ng senador.

Idinagdag pa ni Lapid na tinanggap niya ang mga binitiwang hamon ni Pangulong Marcos Jr., sa ika-limang State of the Nation Address (SONA) na ipasa ng dalawang kapulungan ng Kongreso ang mga panukalang-batas na magiging solusyon sa mga pangangailangan ng bansa.

Hinikayat din nito ang mga kapwa mambabatas na paglaanan ng sapat na panahon ang pagtalakay sa mga mahahalagang panukalang-batas sa gitna ng tensyong-pulitikal. -*BANDERA*


"The Travel Partner You Can Trust!" tico.ca

Polaris Travel & Tours

Polaris Travel & Tours

Contact us for LOW AIRFARES
to the Phillipines

T. 416.224.9919 • 1.800.680.3849



Conveniently Located in Centerpoint Mall

6322 Yonge Street, Unit 124, Toronto, Ontario M2M 3X4
Main Intersection: Yonge & Steeles

# ‘PANGULO AKO NG ‘PINAS HINDI SA PAMILYA, KAIBIGAN’



Malapit nang sampahan ng patong-patong na kaso si dating House Speaker at Leyte Rep. Martin Romualdez kaugnay ng umano’y katiwalian sa mga flood control project.

Ito ang inihayag ni Pa¬ngulong Ferdinand “Bongbong” Marcos Jr. sa kanyang ika-limang State of the Nation Address nitong Lunes, kasabay ng pag-uulat sa naging resulta ng imbestigasyon sa mga kontrobersiyal na proyekto.

“Ayon sa Ombudsman, malapit na ang paghain ng patong-patong na kaso sa dating Speaker. Masakit man sa akin ito ngunit kailangan nating gawin ang tama. Hindi ako Pangulo ng aking pamilya. Hindi ako Pangulo ng aking kaibigan. Ako ay Pangulo ng Pilipinas at ang tungkulin ko ay sa inyo, aking mga kapwa Pilipino,” sabi ni Marcos Jr. patungkol sa kinakaharap na kontrobersiya ng kanyang pinsan.

Ayon sa Pangulo, nauna nang nakasuhan at nakulong ang ilang kontratista, matataas na opisyal ng Department of Public Works and Highways (DPWH) at mga mambabatas kaugnay ng imbestigasyon.

Sinabi rin ni Marcos na halos P25 bilyon na ang halaga ng mga nabawi, na-freeze at napreserbang pera at mga ari-arian ng mga akusado, habang mahigit P800 milyon na ang naibalik sa National Treasury.

Sa loob ng isang oras at 25 minutong SONA, umani ng masigabong palakpakan ang anunsiyo ni Pangulong Marcos sa pagpapalawak ng exemption sa income tax at bawas-buwis sa maliliit na negosyo, pati na ang pagsusog sa Electric Power Industry Reform Act (EPIRA) upang mabuwag ang ipinapasang systems loss sa mga electricity consumer.

“Kaya bilang natata¬nging proteksiyon sa kanila at para mas mapakinaba¬ngan nila ang pinaghirapan nilang kita, nananawagan ako sa Kongreso upang maipasa ang batas na magbibigay ng bahagyang ginhawa para sa ating bayaring buwis,” ani Marcos Jr.

Kabilang sa mga panukala ang pagpapalawak ng income tax exemption upang maisama ang mga empleyadong kumikita ng hanggang P350,000 kada taon, pagbaba ng income tax ng iba pang manggagawa, at pag-alis ng minimum corporate income tax para sa maliliit na negosyo.

Isinusulong din ng Pa¬ngulo ang pagbibigay ng tax amnesty sa mga hindi nabayarang income tax, estate tax, donor’s tax at value-added tax, kabilang ang mga kaukulang multa, upang mabigyan ng panibagong pagkakataon ang mga nagkaroon ng pagkakautang sa buwis.

Ang pinakamalakas na hiwayan at palakpakan ay nang ianunsiyo niya ang pagbuwag ng systems loss.

“Hindi naman kasalanan ng consumer kung bakit nagkaroon ng systems loss. Kaya hindi naman tama na kailangan sila pa ang pagbabayarin dito. Therefore, we the people request, no, we demand for the immediate amendment of EPIRA, and to prohibit charging systems loss against consumers including the value added tax thereon,” giit ni Marcos.

Sa kasalukuyan, sinisi¬ngil pa rin sa mga consumer ang systems loss sa kanilang electric bill, kasama pa ang value-added tax (VAT) na ipinapataw rito.

Hiniling din ni Marcos Jr. sa Kongreso na maipasa ang Sariling Kuryente Act upang mas mapadali at mas maging abot-kaya ang pagpapakabit ng solar panels at battery storage system sa mga bahay.

Kaugnay nito, nanindigan naman si Romualdez na wala itong ginawang labag sa batas kaugnay ng anomalya sa flood control projects at hindi umano ito humingi ng pabor at espesyal na pagtrato.

“Masakit man ito sa ¬aming pamilya, iginagalang ko ang naging pahayag ng Pangulo. Hindi ako kailanman humingi ng pabor o espesyal na pagtrato,” giit ni Romualdez

# 12 senador absent sa SONA ni PBBM




**PILIPINAS** - Kalahati ng mga miyembro ng Senado ang hindi dumalo sa ika-limang State of the Nation Address (SONA) ni Pangulong Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr. nitong Lunes, Hulyo 27.

Kabilang sa hindi nakadalo ay si Senate President Pro Tempore Vicente "Tito" Sotto III at Senador Panfilo "Ping" Lacson mula sa hanay ng majority bloc.

Ayon kay Sotto, mayroon umano siyang 'bad colds' kaya ayaw niyang makahawa sa mga kasamahang mambabatas. Puspusan umano ang pagpapagamot niya para makapasok na ngayong Martes.

Sa hanay naman ng minority, hindi dumalo sina Senate Minority Leader Alan Peter Cayetano, Senador Pia Cayetano, Imee Marcos, Loren Legarda, Robin Padilla, Mark Villar, Christopher "Bong" Go at mga nakakulong na sina Senador Jinggoy Estrada at Rodante Marcolete pati na ang nagtatagong si Senador Ronald "Bato" dela Rosa.

"Ako mas preference ko siguro panoorin na lang sa TV. Baka mas komportable din 'yung administrasyon that way and it's my simple way of protesting pati sa pagbla-black," sabi ni Cayetano sa panayam ng mga reporter.

"Okay lang, pakikinggan. 'Yun nga lang, masama loob namin dahil sa pinagkukulong, kinakasuhan ang minority. 'Yun lang, parang 'di ko kaya eh. Masama ang loob ko d'yan eh," paliwanag naman ni Marcos.

Matatandaan na si Estrada ay nakulong sa plunder kaugnay ng flood control scandal samantalang si Marcoleta ay dahil din sa plunder kaugnay ng hindi nito pagdeklara ng P75 milyong donasyon noong 2025 midterm elections.

Si Dela Rosa ay inisyuhan na ng warrant of arrest ng International Criminal Court (ICC) kaya patuloy sa pagtatago.

VR Stones & Quartz Inc.

# VR Stones & Quartz Inc.

***VR Stones & Quartz Inc. is a family-owned and operated business with almost 10 years of experience fabricating and installing Quartz, Granite, Marble, and other stone products.***

VR Stones & Quartz Inc. is a family-owned and operated business with almost 10 years of experience fabricating and installing Quartz, Granite, Marble, and other stone products. We carry our own Quartz materials which we import overseas with a simple goal of making everyone s dream a reality by having your beautiful kitchen countertop in a reasonable/affordable price but on a stunning and timeless look.

We also source from all major slab suppliers such as MSI Stone, Caesarstone, Hanstone, Silestone, TCE Stone, Kstone Quartz, Lucent Quartz, Highland Stone & Quartz, Vicostone and more. Whether you re eyeing for Quartz or Granite etc., we are able to get and fabricate it to your specifications.


At VR Stones & Quartz Inc., we personally involved in every project from the beginning stages of planning to final installation, ensuring the results you see at completion are exactly what you envisioned. We take a hands-on, individual approach to work with each of our clients, focus on the quality, superior service and client satisfaction.



*Cabinet & Countertop Store*

With our expertise, we have top notch ideas to help you design your dream kitchen by considering the room s size, lighting level, intended use, and desired colors. Our experts can let you know what materials, manufacturers, and designs will work best for your project. Since we know how frustrated planning a renovation in designing your kitchen or other areas of your house that requires a countertop, VR Stones & Quartz Inc. also offer all kinds of services available from demolition, plumbing, tiling, disposal etc. to ensure that you are 100% satisfied and stress free with the outcome of your project.


Our clients include both residential and commercial customers, as well as builders and designers. For all your countertop needs, please feel free to call us and experience what all our satisfied clients have experienced from us!



***VR STONES & QUARTZ INC., YOUR COUNTERTOP EXPERT!!!!***


**For More Information CALL: 647-877-6133**

# Talento ni Tyra Cabrera... nagmana kay RollyCab















# Ang KAHARIANG Hindi Bahagi ng Sanglibutan



"*Ang Kaharian Ko ay Hindi Bahagi ng Sanlibutang Ito*" - Juan 18:36

## Dapat Bang Makialam sa Politika ang Relihiyon?

Sa buong mundo, maraming tao na nag-aangking sumusunod kay Jesu-Kristo ang aktibong nakikisangkot sa politika. Itinataguyod pa nga ng ilan ang paniniwala nila at prinsipyo sa buhay sa pamamagitan ng pagsuporta sa partikular na mga kandidato o partido. At madalas namang ginagamit ng mga politiko ang mga usaping moral o mga kalagayan sa lipunan para makuha ang suporta ng relihiyosong mga tao. Maraming lider ng relihiyon ang tumatakbong kandidato para sa mga posisyon sa gobyerno. At sa ilang bansa, may mga "Kristiyanong" denominasyon pa nga na kinikilala bilang pambansang relihiyon.

Ano sa tingin mo? Dapat bang makialam sa politika ang mga tagasunod ni Jesu-Kristo? Masasagot mo iyan kung susuriin mo ang halimbawa ni Jesus. Sinabi niya: "Nagbigay ako ng parisan para sa inyo, na kung ano ang ginawa ko sa inyo, dapat din ninyo itong gawin." (Juan 13:15) Pagdating sa politika, anong parisan ang ibinigay ni Jesus?

## Nakialam ba si Jesus sa politika?



Hindi. Hindi nakialam si Jesus sa politika ng mundong ito.

### Hindi naghangad si Jesus ng kapangyarihan sa politika.

Tumanggi siyang maging tagapamahala ng mga gobyerno ng tao nang ialok ni Satanas na Diyablo ang "lahat ng kaharian sa mundo." (Mateo 4:8-10) a Sa isa pang pagkakataon, nakita ng mga tao ang kakayahan ni Jesus sa pamamahala kaya sinubukan nila siyang ipasok sa politika. Sinasabi ng Bibliya: "Dahil alam ni Jesus na papalapit na sila para kunin siya at gawing hari, muli siyang umalis na nag-iisa papunta sa bundok." (Juan 6:15) Hindi nagpadala si Jesus sa gusto ng mga tao. Sa halip, iniwasan niyang masangkot sa politika.

### Walang pinanigan si Jesus nang magkaroon ng politikal na isyu.

Halimbawa, noong panahon ni Jesus, nagagalit ang mga Judio sa buwis na kailangan nilang bayaran sa gobyerno ng Roma. Para sa kanila, pabigat iyon at di-makatuwiran. Nang subukan nilang hingin ang opinyon ni Jesus sa isyu, hindi siya nakipagtalo kung makatuwiran ba o hindi ang pagbubuwis na iyon. Sinabi niya sa kanila: "Ibayad ninyo kay Cesar ang mga bagay na kay Cesar, pero sa Diyos ang mga bagay na sa Diyos." (Marcos 12:13-17) Nanatili siyang neutral sa politikal na isyung iyon, pero ipinakita niyang dapat bayaran ang buwis na hinihingi ng gobyerno ng Roma, na lumalarawan kay Cesar. Pero itinuro din niya na may limitasyon lang ang pagsunod sa sekular na awtoridad. Hindi dapat ibigay ng isang tao sa gobyerno ang mga bagay na para sa Diyos, gaya ng debosyon at pagsamba.—Mateo 4:10; 22:37, 38.

## Sinuportahan ni Jesus ang isang gobyerno sa langit, ang Kaharian ng Diyos.

(Lucas 4:43) Hindi siya nakialam sa politika kasi alam niyang hindi gobyerno ng tao, kundi Kaharian ng Diyos, ang gagawa ng kalooban ng Diyos sa lupa. (Mateo 6:10) Alam niyang hindi gagamitin ng Kaharian ng Diyos ang gobyerno ng tao, sa halip, papalitan niya ito.—Daniel 2:44.

### Nakialam ba sa politika ang unang-siglong mga Kristiyano?

Hindi. Namuhay ang mga tagasunod ni Jesus ayon sa sinabi niyang "hindi kayo bahagi ng sanlibutan." (Juan 15:19) Tinularan nila ang halimbawa niya at nanatiling hiwalay sa politika. (Juan 17:16; 18:36) Imbes na makialam sa politika, ginawa nila ang gawaing ibinigay sa kanila ni Jesus—ang mangaral at magturo tungkol sa Kaharian ng Diyos.—Mateo 28:18-20; Gawa 10:42.

Para sa unang-siglong mga Kristiyano, ang pagsunod sa Diyos ang pinakamahalaga sa buhay nila, pero alam din nilang dapat nilang irespeto ang sekular na awtoridad. (Gawa 5:29; 1 Pedro 2:13, 17) Sumunod sila sa batas at nagbayad ng buwis. (Roma 13:1, 7) Hindi sila nakialam sa politika, pero pinahalagahan nila ang proteksiyon at serbisyong ibinibigay ng gobyerno.—Gawa 25:10, 11; Filipos 1:7.

### Mga Kristiyano noon at ang politika—ang sinasabi ng kasaysayan

- "Tumangging makibahagi ang mga Kristiyano sa ilang gawain ng mga mamamayang Romano. . . . Ayaw nilang humawak ng anumang posisyon sa pulitika."—On the Road to Civilization—A World History, pahina 238.
- "Walang katiting man na katibayan na magpapangyari sa atin na mag-isip na si Jesus ay nagkaroon ng mga ambisyong militar/pulitikal, at . . . totoo rin ito sa mga alagad."—Jesus and Judaism, pahina 231.
- "Sa isang Kristiyano ang kaniyang relihiyon ay isang bagay na hiwalay sa at mataas kaysa sa pulitikal na lipunan; ang kaniyang pinakamataas na sinumpaang itataguyod ay hindi si Cesar kundi si Kristo."—Caesar and Christ, pahina 647.
- "Handa si [apostol] Pablo na gamitin ang kaniyang pagkamamamayang Romano para sa kaniyang mga karapatan sa paglilitis, pero hindi siya nakisangkot sa mga isyu hinggil sa polisiya ng gobyerno. . . . Bagaman naniniwala silang dapat nilang igalang ang mga nasa awtoridad, hindi naniniwala ang unang mga Kristiyano na dapat silang makisali sa pulitika."—Beyond Good Intentions—A Biblical View of Politics, pahina 122-123.



• "May paninindigan ang karamihan sa mga Kristiyano na wala sa kanilang mga miyembro ang dapat humawak ng katungkulan sa ilalim ng estado . . . Noon pa mang pasimula ng ikatlong siglo, sinabi na ni Hippolytus na ang makasaysayang kaugalian ng mga Kristiyano ay humihiling sa isang mahistradong pambayan na magbitiw sa kaniyang tungkulin bilang kondisyon sa pagsama niya sa Simbahan."—A History of Christianity, Volume I, pahina 253.


## Kristiyanong neutralidad sa ngayon

Malinaw na ipinapakita ng Bibliya na hindi nakialam sa politika si Jesus at ang mga tagasunod niya noon. Kaya naman bilang mga Kristiyano, ang mga Saksi ni Jehova sa buong mundo ay nananatiling neutral sa politika. Gaya ng unang-siglong mga Kristiyano, ginagawa nila ang gawaing ibinigay ni Jesus—ang pangangaral ng "mabuting balitang ito tungkol sa Kaharian."—Mateo 24:14.

a Nang tumanggi si Jesus, hindi niya sinabing walang karapatan si Satanas na gawin ang ganoong pag-aalok. Tinawag pa nga niya si Satanas na "tagapamahala ng mundo."—Juan 14:30.



# "Mamamayani ang Kapayapaan" sa Ilalim ng Kaharian ng Diyos



Dahil sa Kaharian ng Diyos ang gobyernong itinatag ng Diyos—ang mga tao sa buong mundo ay malapit nang mamuhay nang payapa at nagkakaisa. "Mamamayani ang kapayapaan," gaya ng ipina- ngako sa Awit 72:7.

Pero kailan mamamahala sa lupa ang Kaharian ng Diyos? Paano ito mamamahala? At paano ka makikinabang sa pamamahala nito?

## KAILAN DARATING ANG KAHARIAN NG DIYOS?

Inihula ng Bibliya ang ilang kapansin-pansing pangyayari na senyales na malapit nang dumating ang Kaharian ng Diyos. Ang mga pangyayaring iyon ay bahagi ng isang "tanda" na binubuo ng mga digmaan, taggutom, sakit, lindol, at paglaganap ng kasamaan.—Mateo 24:3, 7, 12; Lucas 21:11; Apocalipsis 6:2-8.

Mga Kaalaman: **www.JW.org**

Serving our community since 2000

# Our Advertisers Refer Us To Their Friends, FIND OUT WHY.



*"Canada has a strong and active Filipino community of nearly 1 million people live in Canada. Making them the third-largest Asian Canadian group in the country and the largest from South-east Asia. The Filipino is Canada's fastest growing language."*

CALL US FOR A PACKAGE RATE TO HELP YOU GROW WITH OUR FULL TO YOUR BUSINESS

ADVERTISE TO TALIBA...IT WORKS! **Taliba Newspaper & Flipz Media** **647-287-1870**



TalibaFlipzMedia

## Photography Services

*Professional Product Photography – Food, Jewelry or just pictures of your store.*

**We can take pictures of your product for printed catalogs or for online store.**

**Each photo will be in pure white background and edited in photoshop.**

- 100+ photos $20 per photo *(with free Taliba 1/4 B&W Ads one time issue)*
- 50-90 photos $25 per photo
- 20-49 photos $30 per photo
- 10-19 photos $35 per photo
- 5-9 photos $40 per photo
- 2-4 photos $45 per photo



**Photo Specifications**

- High resolution jpeg image
- Photo editing to remove dust and minor defects
- Royalty-free unlimited use license

For inquiry, call Tel. **416-989-7336** / 647-287-1870 ★ Email: *advertise@flipzmedia.com*

P.O. Box 73066 / 2300 Lawrence Ave. E. Toronto, ONT M1P 2R2

# TALIBA/Flipz Media

***(Magazine & Social Media Services)***

We reserve the right to refuse sexist, racist or otherwise offensive advertising. Information has been obtained by Taliba Newspaper Canada Ltd / Flipz Media from sources believed to be reliable. However, because of the possibility of human or mechanical error by our sources, the publisher and its research staff can not guarantee the accuracy, adequacy, or completeness of any information and is not responsible for any errors or omissions or the results obtained from use of such information. The views expressed in TALIBA are those of the writers/contributors and do not represent the opinions of the editors and / or the publisher. Statements made in advertisements printed, inserted or attached to TALIBA are not endorsed in any manner whatsoever. Most texts and photos in this issue are from reliable sources gathered by our research team and staff. TALIBA/ FLIPZ MEDIA aims to strenghten the mind, body and spirit of our readers so that they may have realistic views of life and be able to cope with daily problems. We are non-political, non-religious, non-partisan, non-competitive and non-racial. We stand for truth, justice, equality and fraternity. We intend to make a difference.

***"Bringing your products & services at the forefront of digital industry."***

**ABOUT:** While maintaining a politically neutral position, it will promote positive views about Canadian cultures and heritage. Media hub that merges Filipinos to other cultures through culinary ideas, music, entertainment, business and current affairs. Provides helpful information for new immigrants concerning employment, government assistance etc. The magazine will help entrepreneurs promote their services, as well as artists showcase their talents. The magazine will provide point of contact information concerning government programs, business start-up, talent hub and charities.

**SERVICES:** Provide magazine and online social media presence while promoting business services and talents. Provide photography/ videography services for social events, weddings, portraits and starting modelling portfolio. Provide advertisement design layout including photography service for promotional purposes. Provide website design and web hosting businesses.

*VISIT **www.talibaflipzmedia.com** or CALL ROLLY : **647-287-1870***